



Ano ang mapangunang paggagamot sa TB?



TAGALOG
(FILIPPINSK)

Nilalaman

Ano ang mapangunang paggagamot sa TB?	3
Ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng TB bacteria nang hindi nagkakasakit?	3
Bakit binibigyan ng gamot sa TB ang mga taong walang TB?	3
Dapat ba na lahat ng taong may TB bacteria ay pangunahan ang paggagamot?	4
Maaari ba akong magkaroon ng TB sa hinaharap kahit na natapos ko ang mapangunang paggagamot sa TB?	5
Paano ka mahahawaan ng TB bacteria?	5
Sino ang maaaring mahawaan ng TB bacteria?	6
Bakit maraming tao ang takot sa TB?	6
Paano ako makakakuha ng mapangunang paggamot sa TB?	6
Mga posibleng side effect ng gamot	8

Ano ang mapangunang paggagamot sa TB?

Ang mapangunang paggagamot sa TB (preventative tuberculosis treatment) ay isang medikal na paggagamot sa mga taong malulusog ang pangangatawan ngunit nagtataglay ng TB bacteria (ang TB ay pinaikling salita para sa tuberculosis o tisis). Ang paggagamot ay ibinibigay para mabawasan ang panganib na magkasakit ang mga tao dahil sa bacteria sa hinaharap.

Ang mga taong nagdaraan sa mapangunang paggagamot sa TB ay walang tisis (tuberculosis). Hindi sila makakapanghawa ng TB.

Ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng TB bacteria nang hindi nagkakasakit?

Karamihan ng taong nahahawaan ng TB bacteria ay hindi nagkakasakit. Ang TB bacteria ay nananatiling “tulog” sa mga katawan nila. Pinapanatiling tulog ng immune defence system ang bacteria. Maaaring dala-dala mo ang TB bacteria sa iyong katawan sa buong buhay mo nang hindi nagkakasakit ng TB.

Napakaraming bilang ng tao ang may dormant (natutulog) na TB bacteria sa mga katawan nila. Tinatantaya ng World Health Organization na sa buong mundo, isa sa apat tao ang may taglay ng naturang bacteria. Isa lamang sa sampu ng mga may TB bacteria na iyon ang nagkakaroon ng tisis.

Ang pagkakaroon ng TB bacteria nang hindi nagkakasakit ay kilala bilang may latent tuberculosis o latent tuberculosis infection (LTBI).

Ang tao na may latent tuberculosis:

- Ay walang sakit na TB at hindi makakahawa ng ibang tao
- Ang isang pagsusuri sa balat (Mantoux) o pagsusuri sa dugo ay nagpapakita na ang tao ay nagtataglay ng TB bacteria
- Ngunit ang pagsusuri na mula sa sputum o expectorate (plema) ay negatibo (wala itong ipinapakita na lingid sa karaniwan)

Bakit binibigyan ng gamot sa TB ang mga taong walang TB?

Ang mapangunang paggagamot gamit ang mga gamot sa TB ay binibigay para puksain ang dormant (natutulog) na TB bacteria sa katawan, upang mabawasan ang panganib na magkasakit sa kalaunan.

Binabawasan ng paggagamot ang panganib na magkaroon ang taong iyon ng tisis sa hinaharap. Ang kahulugan ng mapangunahan ay mapigilan. Ito ang dahilan kaya tinawag ang paggagamot na mapangunang paggagamot.

Dapat ba na lahat ng taong may TB bacteria ay pangunahan ang paggagamot?

Hindi, tanging mga may matataas na panganib na magkasakit sa kalaunan lang: Ang mga inirerekomendang dumaan sa naturang pagpapagamot ay una sa lahat:

- mga bata at kabataan
- mga taong mahina ang panlaban sa sakit
- mga taong gumagamit ng gamot na nagpapahina sa immune system
- mga taong may ilang partikular na karamdaman (tulad ng diyabetis at sakit sa bato)
- mga tao na HIV-positive
- mga tao na kamakailan lang nahawa ng TB: nahawa sa nagdaang dalawang taon o wala pa

Kung kabilang ka sa isa sa mga grupong ito, maaaring napakahina ng iyong immune system para mapanatiling “tulog” ang bacteria, at ang panganib na “magising” ang bacteria at bigyan ka ng sakit ay nadaragdagan. Kaya inirerekomenda ng mga doktor ang mapangunang paggagamot sa TB para sa sinumang nabibilang sa isa (o higit pa) sa mga grupong ito. Lalo na kung malamang na nahawa ka sa loob ng nagdaang dalawang taon, dahil pinakamataas ang panganib na magkasakit sa loob ng unang dalawang taon ng pagkakahawa.

Minsan, ang tao ay inirerekomendang gumamit ng mapangunang paggagamot, kahit na hindi kabilang sa isa sa mga grupong nasa panganib. Subalit, ang ilang tao ay hindi inirerekomendang gumamit ng mapangunang paggagamot, kahit na kabilang sila sa isa sa mga grupong nasa panganib. Ang doktor ay siyang nagpapasiya sa bawat kaso kung ang tao ay dapat na irekomendang gumamit ng mapangunang paggagamot o hindi. Ibinabatay ng doktor ang rekomendasyon sa kabuuang pagsusuri sa katayuan ng kalusugan at sitwasyon ng tao.

Ang ilan sa mga nagdadala ng TB bacteria ay papayuhan na magpatingin nang regular sa kani-kanilang mga doktor sa loob ng nakatakdang haba ng panahon, ngunit hindi para gumamit ng mapangunang paggagamot. Sa pamamagitan ng regular na pagsusuri, masusubaybayan ng doktor ang katayuan ng kalusugan ng isang tao. Kung may anumang palatandaan ng “natutulog na TB bacteria” na nagiging aktibong TB, matutuklasan ito ng doktor at titiyakin niyang masisimulan agad ang paggagamot.

Kung magkaroon ka ng mga sintomas ng TB, dapat kang magpatingin agad sa iyong doktor. Huwag maghintay ng susunod na check-up! Ang mga sumusunod ay mga sintomas ng tisis:

- pag-ubo na tumatagal ng 2–3 linggo o mas matagal pa
- kawalan ng gana kumain
- pagbawas ng timbang (nangangayat ka)
- pakiramdam na mahina at pagod
- matagal nang nilalagnat
- pagpapawis sa gabi
- pamamaga o bukol sa lalamunan, kil-kili o singit

Ang pinakakaraniwang uri ng (tisis)TB ay lung-TB, ngunit maaari rin magkaroon ng TB sa ibang bahagi ng katawan. Tanging TB sa baga ang maaaring maihawa sa ibang tao.

Ang mapangunang paggagamot sa TB ay kusang-loob. Kung piliin mong sumailalim sa mapangunang paggagamot, napakahalaga na tapusin mo ang paggagamot.

Maaari ba akong magkaroon ng TB sa hinaharap kahit na natapos ko ang mapangunang paggagamot sa TB?

Binabawasan ng mapangunang paggagamot sa TB ang posibilidad na magkaroon ka ng tisis. Tinatantiya na kinakalahati ng paggagamot ang panganib na magkasakit ka dahil sa TB. Ngunit kahit na may mapangunang paggagamot, walang tahasang garantiya na mananatili kang malusog.

May maliit na bilang ng TB bacteria na maaaring manatili sa katawan makaraang matapos mo ang paggagamot. Sa ilang bihirang kaso, ang mga bacteria na ito ay maaaring “magising” at bigyan ka ng sakit sa kalaunan.

Posible rin na muling mahawaan ng tisis. Ang mapangunang paggagamot ay gumagana lang laban sa bacteria na taglay mo na sa iyong katawan habang ginagamot ka. Hindi ka nito maaaring protektahan laban sa muling pagkakahawa at pagkakasakit dulot ng “bagong” bacteria sa hinaharap. Hindi ka ginagawang immune (hindi tinatablan) ng mapangunang paggagamot laban sa tisis.

Paano ka mahahawaan ng TB bacteria?

Ang TB bacteria ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng maliliit na patak na hindi nakikita ng mata ng tao. Kapag tayo ay umuubo, bumabahin o nagsasalita, may maliliit na patak nito ang lumilipad mula sa ating mga baga at dumadaan sa ating ilong at bibig papunta sa hangin. Ang maliliit na patak na mula sa baga ng taong may nakahahawang lung-TB, ay may taglay na TB bacteria. Kung malanghap mo ang hangin na ito, maaaring pumasok ang maliliit na patak na may TB bacteria sa iyong mga baga.



Ang tuberculosis bacteria ay makapapasok sa iyong katawan kung nilalanghap mo ang parehong hangin na nilalanghap ng taong may sakit na ito.

Sino ang maaaring mahawaan ng TB bacteria?

Ang mga taong **mahabang panahon nang malapit** sa taong may nakahahawang TB sa бага ay nasa panganib na mahawaan ng TB bacteria. Hindi madaling makahawa ng TB bacteria. Kaya mas malamang na mahahawa sa taong kasama sa bahay o matagal nang kapiling. **Ngunit ang tao na umiinom ng mabisang gamot laban sa TB nang dalawang linggo ay hindi maaaring makahawa sa iyo.**

May mga taong may TB sa bawat bansa ng mundo. Ang TB ay pinaka-karaniwan sa Asya, Africa, Latin America, at Silangang Europa; kaya, mas malamang na ang mga taong mula sa mga lugar na ito ay nahawaan ng TB.

Kahit na ikaw ay nabakunahan ng BCG, maaari ka pa rin mahawaan at magkaroon ng sakit na TB. Ang bakunang BCG ay nagprotektka sa mga bata laban sa mga nakamamatay na uri ng TB, ngunit hindi ito mabisang pangprotektka laban sa pagkakahawa ng TB bacteria.

Bakit maraming tao ang takot sa TB?

Ang kakulangan ng kaalaman ay nauuwi sa takot sa pagkakahawa at sa sakit na TB. Maraming tao ang napaka-kaunti ang nalalaman tungkol sa impeksiyon at sa sakit, at ang kaibahan sa pagitan ng pagkakahawa sa TB (pagkakaroon ng latent TB) at pagkakaroon ng sakit na TB.

Ang kakulangan ng kaalaman ay nauuwi sa takot at pagtatangi. Minsan, natatakot ang mga tao na kumain kasama ng ibang tao kung inaakala nilang may sakit na TB ang taong iyon. Maaaring takot din silang makipag-usap sa kanila, dahil inaakala nilang mahahawa sila. Maaaring mahirap ipaunawa sa ibang tao na wala kang sakit, at hindi mo sila mahahawaan, kahit na ikaw ay may mapangunang paggagamot sa TB. Kapag nadagdagan ang nalalaman nila tungkol sa TB at kung paano naipapasa ang TB bacteria mula sa isang tao papunta sa isa pa, nababawasan ang takot ng mga tao.

Hindi ka obligado na sabihin sa iba na ikaw ay tumatanggap ng mapangunang paggagamot sa TB.

Ang mga taong tumatanggap ng mapangunang paggagamot sa TB ay walang tisis. Kaya hindi sila maaaring makahawa ng ibang tao.

Paano ako makakakuha ng mapangunang paggamot sa TB?

Kung pipiliin mong umiinom ng pang-iwas na paggagamot, ang plano ng paggagamot ay ihahanda para sa iyo. Ang plano ay ibabatay sa pakikipagpulong kung saan ikaw at ang iyong at TB coordinator ay makikibahagi. Minsan, ang doktor ng ospital at isang tao mula sa municipal health service ay nakibahagi. Ang pagpupulong ay isasagawa bago magsimula ang gamutan. Ipapaalam sa iyo kung sino ang tatawagan o tatanungin sa panahon ng paggagamot.



Pulong para sa plano ng paggagamot.

Malaya kang makapagdadaala ng kapamilya o kaibigan sa pulong. Karapatan mo rin na gumamit ng tagapagsalin kung kinakailangan. Sa kasong ito, ang kawaning pangkalusugan ang magaasikaso sa pagkuha ng tagapagsalin.

Ang haba ng pang-iwas ng paggagamot ay karaniwang tumatagal ng halos tatlong buwan, ngunit minsan kailangan mong umiinom ng mga gamot sa mas mahabang panahon. Ang pangkaraniwang pag-inom ng mga gamot isang beses sa isang araw o isang beses sa isang linggo. Ang mga pagpipiliang paggagamot na ito ay magkatumbas at pantay na mabuti. Ang doktor/TB coordinator ay makipag-usap sa iyo tungkol sa kung anong mga gamot ang pinaka-angkop sa iyo. Sasabihin sa iyo kung kinakailangan na umiinom ng mga gamot na may kasamang pagkain o wala. Kadalasan, ikaw ay hihilingin na kukunan ng blood tests pagkatapos ng dalawang linggo, at muli pagkatapos ng anim na linggo.

Ang ilang pasyente ay binibigyan ng gamot at kanila itong iniinom araw-araw nang walang pagbabantay. Ang iba naman ay hinahatiran ng kanilang gamot araw-araw ng isang health worker. Ito ay tinatawag na “directly observed treatment”, o DOT. Ang ilang pasyente ay tumatanggap ng DOT sa panimulang bahagi ng paggagamot sa kanila, pagkatapos ay kusa nang umiinom ng gamot sa bahay sa nalalabing bahagi ng paggagamot.

Paggagamot na walang DOT

Ang mga pasyenteng umiinom ng kanilang gamot nang sarili lang ay karaniwang binibigyan ng gamot na tatagal ng isang linggo. Ang ilan ay naaalalang inumin ang kanilang gamot nang walang problema, pero maaaring mahirap itong gawin para sa iba. Kung hindi mo laging naaalala, maaaring makatulong na maglagay ng alarma o mag-iwan ng mga paalala para sa iyong sarili. Kung hindi ka nakasisiguro sa kung paano o kailan mo dapat inumin ang iyong gamot, o may anumang iba pang katanungan, pakitawagan ang TB coordinator o ang iyong doktor.

Paggagamot na may DOT

Ang DOT (directly observed treatment) ay nagbibigay ng suporta sa pasyente sa itatagal ng paggagamot, at tinitiyak na ang paggagamot ay matatapos. Maaaring hindi mo gustong araw-araw uminom ng iyong gamot, lalo na kung may mga side effect. O maaaring makalimot ka. Para gumana ang paggagamot, dapat na iinumun araw-araw ang gamot at matapos ang buong paggagamot. Tinitiyak ng DOT na mangyayari ito. Ang DOT ay nangangahulugan din na maaaring makita ng isang health worker ang epekto at mga side effect ng gamot sa iyo, at para mabigyan ka ng payo para sa mga side effect na ito at tungkol sa paggagamot.

Ang kabuuang kaayusan ng paggagamot ay dapat iaangkop sa iyong araw-araw na buhay. Ang mga health worker ay maaaring pupunta sa iyong tahanan upang maghatid ng mga gamot, o ang DOT ay isasaayos sa ibang paraan. Minsan, ang mga gamot ay maaaring iinum sa panahon ng pag-uusap sa video kasama ang health worker. Makipag-usap sa iyong TB coordinator tungkol sa pagsasaayos ng paggagamot na angkop sa iyo.



Kung may pagbabago sa iyong sitwasyon o pangangailangan habang ikaw ay ininagamot, maaari kang humiling ng pagbabago sa plano ng paggagamot sa iyo.

Ang gamot sa mapangunang paggagamot sa TB at iba pang gamot

Maaaring mabawasan ang bisa ng ibang gamot dahil sa mga gamot sa TB. Kaya dapat mong sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa anumang iba pang gamot na iniinom mo.

Ang mga contraceptive pill ay hindi nakapipigil sa pagbubuntis habang umiinom ka ng rifampicin

Kaya dapat kang gumamit ng iba pang paraan ng kontrasepsiyon, tulad ng condom o isang intrauterine device (“coil” o “spiral”).

Mga posibleng side effect ng gamot

Ang gamot para sa TB ay nagbibigay minsan ng mga side effect: habang nilalabanan ang TB bacteria, maaaring magbigay ang gamot ng di-kanais-nais na epekto sa ibang bahagi ng katawan. Ang seksiyon na ito ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga side effect at kung anu-ano ang iyong magagawa tungkol sa mga ito.

Ang mga pasyente ay may iba’t-ibang reaksiyon sa mga gamot. **Karamihan ng pasyenteng gumagamit ng gamot sa TB ay walang problema sa mga side effect,** ngunit ang ilan ay nagkakaroon naman. Ang mga naturang side effect ay kadalasang nababawasan (hindi na gaanong problema) kapag nasanay na ang katawan sa gamot. Ito ay karaniwang inaabot ng dalawa hanggang apat na linggo. Kung minsan, ang mga side effect ay nawawala nang sabay-sabay.

Ang mga nakamamatay na side effect ay napakadalang, ngunit maaaring mangyari ang mga ito. Kaya napakahalaga na iulat mo ang anumang pananakit o iba pang side effect na mararanasan mo sa iyong doktor, sa iyong TB coordinator, o sa district nurse.

Sa ilang madalang na kaso, ang mga gamot sa TB ay nakapagdudulot ng impeksiyon sa atay (hepatitis). Para mamanmanan ng iyong doktor kung paanong tinatanggap ng iyong atay ang mga gamot, sasailalim ka sa ilang pagsusuri ng dugo sa itatagal ng paggagamot. Sa madadalang na kaso, kinakailangan na itigil ang paggagamot o kaya’y pansamantalang ihihinto.

Magpatingin agad sa iyong doktor kung ang mga puti ng iyong mata ay maging dilaw (jaundiced), kung masama ang pananakit ng iyong sikmura, kung nakadarama ka ng labis na pagduruwal (masama ang pakiramdam), kung magsuka ka, kung makadama ka ng pagkapagod (kung labis kang nanghihina), o kung magkaroon ng singaw (rash) sa malalaking bahagi ng iyong katawan.

Alkohol (alak): Kapwa natutunaw (“digested”) ang alkohol at gamot ng TB sa atay. Kung umiinom ka ng alkohol habang naggagamot para sa TB, dinaragdagan mo ang panganib na magkaroon ng pinsala sa atay. Kung nais mong uminom ng alkohol, dapat mo itong sabihin sa iyong doktor.

Mga painkiller (gamot sa pananakit): Ang ilang uri ng painkiller (mga nagtataglay ng paracetamol) ay natutunaw rin sa atay. Kung kailangan mong gumamit ng mga painkiller, alamin sa iyong doktor kung anu-ano ang dapat mong inumin at kung gaano karami ang ligtas.

Mahalagang patuloy mong inumin ang gamot kahit na nakadarama ka ng mga side effect na lalong nagpapahirap sa iyong pakiramdam.

Mga karaniwang side effect

Ang mga side effect na inilalarawan namin sa seksiyon na ito ay nakayayamot, pero hindi mapanganib. Magbabahagi rin kami ng payo na mula sa mga pasyente at health worker tungkol sa kung paanong lulunasan ang mga side effect na ito nang hindi gumagastos ng malaking pera. Ang mga mungkahi ay ligtas, at hindi nakababawas sa bisa ng gamot sa TB. Kung ang mga pamamaraan na iminungkahi rito ay hindi makatulong sa iyo, makipag-ugnayan sa iyong TB coordinator, sa iyong doktor o sa isang district health nurse para sa karagdagang payo.

Ang pinakakaraniwang mga side effect ng gamot sa TB ay:

- Pagduruwal (masama ang pakiramdam)
- Pulang ihi
- Mga problema sa panunaw (pananakit ng tiyan, matigas o basa ang dumi)
- Pangangati at mga pamamantal
- Lagnat
- Pananakit at pamamaga sa mga kasu-kasuan at sa iba pang bahagi ng katawan
- Pamamanhid; parang tinutusok ng karayom sa iyong mga kamay at paa
- Pakiramdam ng panghihina at pagkapagod
- Pananakit ng ulo

Pagduruwal

Maaaring makadama ka ng pagduruwal (masama ang pakiramdam) dahil sa gamot. Kung minsan, maaari ka pang magsuka dahil dito. Ang pagtiyak na regular kang kumain ay makatutulong. Subukang kumain ng maliliit at kakaunti at ilang ulit sa pagitan ng bawat oras ng pagkain. Ang pagkain ng kaunti bago uminom ng gamot ay makatutulong din. (Kahit na inirerekomendang inumin ang gamot nang walang laman ang tiyan, ok lang na inumin ito na may kasabay na kaunting pagkain, kung sa palagay mo'y nakatutulong ito laban sa pagduruwal.) Kung malubha ang iyong pagduruwal, posible rin na uminom ng gamot para lunasan ito.




Ibinigay ng mga pasyente ang mga payo na ito para makayanan ang pagduruwal:

- Sumipsip ng isang pirasong luya, o lagyan ng luya ang iyong tsaa o pagkain
- Uminom ng matapang na tsaa (black tea) bago inumin ang gamot
- Maya't-mayang uminom ng fruit juice
- Sumipsip ng isang pirasong lime o lemon
- Maglagay ng kaunting asukal sa iyong bibig

Pulang ihi

Lahat ng likido sa katawan ay nagiging pula, pink, o orange kapag umiinom ka ng gamot sa TB. Hindi ito mapanganib. Ang dahilan ay nagtataglay ng pulang colouring ang mga gamot sa TB.



Pananakit ng sikhura, matigas o basang dumi

Ang mga gamot para sa TB ay maaaring makaapekto sa bacteria na nagpapagana sa pagtunaw ng pagkain. Nagdudulot ito sa ilang pasyente ng pananakit ng sikhura, at maaaring magdulot ng matigas o basang dumi.

Mga payo mula sa mga pasyente at mga health worker sa kung paanong malulunasan ang pagtigas ng dumi:

- Kumain ng pinatuyong prutas, lalo na ng prunes
- Kumain ng binabad na linseed
- Uminom ng maraming tubig
- Kung kinakailangan, uminom ng laxative (gamot para sa konstipasyon) na binili mula sa isang botika
- Subukang maging aktibo



Kung basa ang iyong dumi, ang mga payo na ito ay maaaring makatulong:

- Iwasang uminom ng gatas
- Iwasan ang mga inumin na nagtataglay ng maraming asukal
- Kumain ng mga produktong nagtataglay ng buhay na lactic acid bacteria
- Uminom ng mga kapsula ng lactic acid bacteria

Pangangati at mga pamamantal

Ang ilang pasyente na umiinom ng mapangunang gamot sa TB ay nakararanas ng malubhang pangangati. Ang pangangati ay dulot ng allergic na reaksiyon sa mga gamot. Makipag-usap sa iyong TB coordinator, sa iyong doktor o sa iyong district health nurse kung magkaroon ka ng ganitong reaksiyon. Maaaring magreseta ang iyong doktor ng gamot para sa allergy (mga tabletang anti-histamine) na makatutulong laban sa pangangati.



Kung hindi naman gaanong nakakaabala ang mga sintomas, masusubukan mo ang mga payong ito:


- Gumamit ng sabon na banayad, at walang pabango pati ng skin cream na walang pabango
- Gumamit ng cream para sa pangangati na hindi kailangan ng reseta
- Maglagay ng Aloe Vera (mula mismo sa halaman o sa anyong Aloe Vera skin cream) sa nangangating balat mo
- Para sa pangangati sa ibabang bahagi ng katawan, subukan ang magaan, at maluwang na panloob (underwear), mas mainam na gawa sa cotton

Pananakit at pamamaga ng mga kasu-kasuan at iba pang bahagi ng katawan

Natuklasan ng ilang pasyente na ang mapangunang gamot sa TB ay nagdudulot ng pananakit sa mga kasu-kasuan at iba pang bahagi ng katawan. Kung maranasan mo ito ay maging abala para sa iyo, dapat mo itong sabihin sa iyong doktor. Mabibigyan ka rin ng iyong doktor ng payo sa paggamit ng mga painkiller. Maraming pasyente ang nagsasabi na ang pagmasahe ay nakatutulong sa pananakit.

Pamamanhid; parang tinutusok ng “aspile at karayom” sa mga kamay at paa

Ang ilang pasyente ay nakararanas ng pamamanhid, o pakiramdam ng pagkakaroon ng mga aspili at karayom sa kanilang mga kamay at paa. Ang ilang pasyente ay nakararamdam din ng pakiramdam na may unan sa ilalim ng kanilang mga paa, kaya mahirap lumakad nang tuwid. Ito ay tinatawag na polyneuropathy. Ang kondisyong ito ay maiiwasan sa pamamagitan ng pagbigay sa mga pasyente ng vitamin B6 (pyridoxine) kasabay ng gamot sa TB.



Pananakit ng ulo

Ang ilang pasyente na umiinom ng mapangunang gamot sa TB ay nagkakaroon ng pananakit ng ulo. Kung nagkakaroon ka ng pananakit ng ulo, makatutulong ang pagbago sa oras ng pag-inom mo ng iyong gamot. Kung nais mong uminom ng mga painkiller para sa pananakit ng iyong ulo, kailangan niyo munang pag-usapan ito ng iyong doktor.

Pakiramdam ng panghihina at pagkapagod

Maaari ka rin makaramdam ng panghihina at pagkapagod dahil sa gamot sa TB. Kung mangyari ito, subukang inumin ang gamot bago ka matulog sa gabi kaysa inumin ito sa umaga. Maaaring makatulong ito sa hirap na nadarama.



LHL Internasjonal



LHLs internasjonale tuberkulosestiftelse

Tel.: +47 22 79 92 22

post@lhl-internasjonal.no

www.lhl-internasjonal.no

Folkehelseinstituttet

Tel.: + 47 21 07 70 00

folkehelseinstituttet@fhi.no

www.fhi.no

Ang mapangunang paggagamot sa TB ay kusang-loob at libre sa Norway.

Ang taong sumasailalim sa mapangunang paggagamot sa TB ay may TB bacteria sa katawan, ngunit walang sakit na TB. Hindi siya makakahawa sa iba ng TB.

Brosjyren er utgitt av LHL Internasjonal og FHI med støtte fra Helbings legat og Blakstad og Maarschalk tuberkulosefond.
Redaksjonskomite: Ingunn Nordstoga og Mona Drage.
Illustrasjoner og lay out: Horisontdesign og Designverket.